

Update sa Bakunang Johnson & Johnson/Janssen COVID-19

Ang bakunang Johnson & Johnson/Janssen COVID-19 ay available sa NYC para sa mga taong edad 18 at mas matanda kasunod ng maikling pagtigil sa paggamit upang imbestigahan ang isang potensiyal na usapin sa kalusugan na kaugnay ng bakuna. Ang Kagawaran ng Kalusugan at Kalinisan ng Isip ng NYC (Kagawaran ng Kalusugan ng NYC) ay nagpapatuloy na may kumpiyansa sa kaligtasan at pagiging epektibo ng bakunang Johnson & Johnson at iba pang pinahintulatang bakuna sa COVID-19. Nananatili ang pagbabakuna na pinakamahalagang hakbang na maaari mong gawin upang protektahan ang iyong sarili, mga mahal mo sa buhay at ating mga komunidad mula sa COVID-19.

Bakit may pagtigil sa paggamit ng bakunang Johnson & Johnson?

Noong Abril 13, 2021, inirekomenda ng mga Sentro sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC) at Pangasiwaan ng Pagkain at Gamot (Food and Drug Administration, FDA) ang paggamit ng bakunang Johnson & Johnson na pansamantalang itigil kasunod ng mga ulat ng bihirang pamumuo ng dugo sa anim na taong tumanggap ng bakuna. Ang mga kaso ay kinilala sa pamamagitan ng sistema ng pagsubaybay sa kaligtasan sa bakuna ng CDC at FDA. Itinigil ang paggamit ng bakuna upang sa gayon maaaring makolekta at marepaso ang karagdagang impormasyon.

Ano ang ipinakita ng imbestigasyon?

Simula Abril 21, 2021, may 15 kaso ng bihirang pamumuo ng dugo na may mga mababang platelet ng dugo mula sa halos 8 milyon katao na tumanggap ng bakunang Johnson & Johnson sapul nang mapahintulutan ito. Ang kondisyong ito ay tinatawag na thrombosis (pamumuo ng dugo) na may thrombocytopenia (mababang bilang ng platelet ng dugo) syndrome (thrombosis with thrombocytopenia syndrome, TTS). Ang lahat ng naiulat na kaso ng TTS ay mga babae sa pagitan ng mga edad 18 at 59, na may mga sintomas na nagsisimula anim hanggang 15 araw pagkatapos ng pagbabakuna. Ito ang antas ng mga pitong kaso ng TTS kada isang milyong kababaihan sa pagitan ng mga edad 18 at 49 na nabakunahan at mas mababa sa isang kaso kada isang milyong kababaihan edad 50 at mas matanda na nabakunahan. May isang kaso rin ng TTS sa isang lalaking kalahok sa mga pagsubok na klinikal sa bakuna.

Ano ang inirerekomenda ng CDC at FDA tungkol sa paggamit ng bakuna?

Inirerekomenda ng CDC at FDA ang bakunang Johnson & Johnson na ituloy na ibigay sa mga taong edad 18 at mas matanda. Ang desisyong ito ay base sa rekomendasyon ng Komite sa Pagpapayo sa mga Kasanayan sa Pagbabakuna, isang independiyenteng grupo ng mga ekspertong medikal at pampublikong kalusugan na nagrepaso sa mga available na datos at impormasyon, at tinimbang ang mga potensiyal na peligro sa kalusugan sa pagkuha ng bakuna laban sa mga benepisyong. Ang mga taong tumanggap ng bakuna, lalo na ang mga babae na mas bata sa 50 taong gulang, ay dapat alam ang bihira ngunit tumaas na peligro sa TTS at na may iba pang opsiyon sa bakunang COVID-19 na available na kung saan ang peligrong ito ay hindi nakita.

Bakit ang NYC ay ginagamit pa rin ang bakuna sa kabila ng usapin sa kaligtasang ito?

Ang peligro sa TTS ay napakababa, at ang bakuna ay napakapektibo sa pag-iwas sa malubhang pagkakasakit, pagkakaospital at kamatayan dahil sa COVID-19. Ngayon na alam na natin ang tungkol sa peligro, mabibigyan natin ang mga tao na mababakunahan ng bakunang Johnson & Johnson ng impormasyon na kailangan nila upang kilalanin ang mga posibleng sintomas ng TTS at kumuha ng pangangalaga kaagad. Alam na rin ng mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ang peligrong ito, na ibig sabihin mada-diagnose at magagamot nila ang mga pasyente na nagkaroon ng TTS pagkatapos mabakunahan ng bakunang Johnson & Johnson. Walang gamot, therapy o bakuna ay 100% na walang peligro.

Kung pinili kong mabakunahan ng bakunang Johnson & Johnson, may mga ekstrang pag-iingat ba ang dapat kong gawin?

Habang ang peligro mo sa TTS mula sa bakunang Johnson & Johnson ay napakababa, dapat mong subaybayan ang sarili mo sa mga potensiyal na sintomas sa loob ng tatlong linggo pagkatapos mabakunahan, tulad ng:

- Kakapusan ng hininga
- Pananakit ng dibdib
- Pamamaga ng binti
- Tumatagal na pananakit ng tiyan
- Malubha o tumatagal na sakit ng ulo
- Malabong paningin
- Madaling magkapasa
- Mga maliit na pulang marka sa ilalim ng balat sa labas ng lugar ng pinagturukan

Kung may anuman ka sa mga sintomas na ito sa loob ng tatlong linggo ng pagbabakuna, humingi kaagad ng medikal na pangangalaga — pumunta sa malapit na ospital o tumawag sa **911**. Sabihin sa nanggagamot na tagapagkaloob na tumanggap ka ng bakunang Johnson & Johnson.

Sa kabaligtaran, kasama sa mga masamang epekto na karaniwan pagkatapos ng pagbabakuna ang pamamaga at pamimintog ng braso kung saan ka nabakunahan, pagkapagod, banayad na kirot, mga panginigiki, banayad na sakit ng ulo o sinat. Ang mga ito ay mga inaasahang masamang epekto at kadalasang nagsisimula sa loob ng unang tatlong araw pagkatapos ng pagbabakuna (ang araw pagkatapos ng pagbabakuna ay ang pinakakaraniwan) at kadalasang tumatagal ng isa hanggang dalawang araw pagkatapos na magsimula sila.

May peligro ba ng TTS mula sa iba pang bakuna sa COVID-19?

Hindi naiugnay ang TTS sa mga bakunang Pfizer-BioNTech at Moderna COVID-19 pagkatapos ng mahigit sa 200 milyong dosis ng bakuna na isinagawa sa U.S. Lubos naming hinihimok ang mga taong hindi gustong magpabakuna sa bakunang Johnson & Johnson na isaalang-alang ang pagpapabakuna ng isa sa mga bakunang ito.

Daan-daang lugar ng pagbabakuna ay available sa NYC. Bisitahin ang vaccinefinder.nyc.gov upang humanap ng lugar ng pagbabakuna (ang mga bakuna na inaalok sa bawat lugar ay nakalista) o tumawag sa 877-829-4692 para sa tulong sa appointment sa isang lugar na

pinatatakbo ng Lungsod. Maraming lugar ay tumatanggap din ng mga walk-in. Tingnan [dito](#) para sa listahan ng mga lugar na walk-in na pinatatakbo ng Lungsod.

Paano natin malalaman na wala nang iba pang usapin sa kaligtasan ng bakuna?

Nagpapatuloy ang mga bakuna sa COVID-19 na dumaan sa matinding pagsubaybay sa kaligtasan ng CDC, FDA at iba pang grupo. Ang pagkilala sa maliit na bilang ng mga kaso ng TTS mula sa milyon-milyong dosis ng bakuna na ibinakuna sa U.S. at pagtigil sa paggamit ng bakunang Johnson & Johnson ay nagpapakita na ang mga sistema ng kaligtasan ay gumagana at na ang kaligtasan at transparency ay mga pangunahing prayoridad. Nakatuon kami sa pagbabahagi ng impormasyon tungkol sa mga bakuna, kasama ang mga potensiyal na usapin sa kaligtasan.

Saan ako makakakuha ng higit pang impormasyon?

Kung may anumang mga tanong ka, mangyaring tumawag sa iyong tagapagkaloob o sa **311**. Para sa impormasyon at rekurso sa bakuna sa COVID-19, bisitahin ang nyc.gov/covidvaccine. Ang binagong fact sheet sa pasyente ng bakunang Johnson & Johnson ng FDA ay maaaring matagpuan [dito](#). Karagdagang impormasyon ay available sa website ng CDC [dito](#).

Maaaring baguhin ng Kagawaran ng Kalusugan ng NYC ang mga rekomendasyon habang nagbabago ang sitwasyon. 4.29.21